Pangalan: ___________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Angkop na Pahayag sa Pagbibigay ng Sariling Pananaw**

**I. PANUTO:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod na ekspresyong nagpapahayag ng pananaw ang maaaring gamiting katumbas o pamalit sa salitang may salungguhit sa ginamit na pangungusap? "Sumasang-ayon ako na binago ng pandemya ang konsepto ng normal na buhay sa kasalukuyang panahon."
   a. Sa kabilang banda  c. Sa kabilang dako
   b. Samantala  d. Sa aking palagay

2. Ayon kay Agriculture Asst. Secretary Kristine Evangelista, ang pagtaas ng presyo ng karne ng manok ay bunsod pa rin ng kakapusan ng suplay. Alin sa mga sumusunod ang hudyat na pahayag na nagbibigay ng sariling pananaw?
   a. Ayon kay  c. pagtaas ng presyo
   b. Agriculture Asst. Secretary  d. karne ng manok

3. ______________ na mahalagang magkaroon ka ng isang o higit pang kaibigan na tiyak na sasamahan ka sa hirap man o sa ginhawa.
   a. Pinaniniwalaan ko  c. Ayon sa
   b. Sa aking palagay  d. Batay kay

4. ______________ bibliya, mahalin ang kapuwa tulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.
   a. Sa aking palagay  c. Sang-ayon sa
   b. Sa pananaw  d. Sa tingin ko

5. "Sinundan ni Esperanza ang liwanag sa kaniyang paglalakbay." Alin sa sumusunod ang pinakaangkop na pahayag upang maipaliwanag ang pananaw ni Esperanza?
   a. Sa kaniyang palagay ay ito ang dapat na gawin.
   b. Samantala ito ang kaniyang nais na gawin.
   c. Sa kabilang dako ay patuloy siyang naglakad.
   d. Samakatwid ay sinundan ni Esperanza ang liwanag.

**II. PANUTO:** Piliin sa loob ng kahon ang angkop na pahayag na nagbibigay ng sariling pananaw. Isulat ang iyong sagot sa inilaang patlang bawat bilang.

| |
|---|
| Sa paniniwala ko |
| Sa ganang akin |
| Sa kabilang banda |
| Inaakala |
| Ayon kay |

6. ______________ importante ang wastong pagdidisiplina sa mga kabataan sapagkat sila ang magmamana ng bukas.

7. "Ang pagsusumikap at pagpipilit na kumita ng ikakabuhay ay nagpapahayag ng tunay na pagmamahal sa sarili, sa asawa, anak, kapatid at kababayan." ______________ Andres Bonifacio.

8-9. ______________ nila na ang palaging sagot sa pag-iisa ay makakarelasyon. Ngunit ______________, ang makasama ang Panginoong Diyos ay sapat na at higit pa upang lumigaya ka at maging payapa ang iyong puso sa araw-araw.

10. Mabuti naman ang pagtitiwala sa ibang tao ______________ nagiging mali lamang ito kung maling indibidwal ang pinaglalaanan natin ng ating tiwala.